ANG Bayan
Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Tomo LV Blg. 8
Abril 21, 2024
www.philippinerevolution.nu

EDITORYAL

# Labanan ang lubos na pagsuko ni Marcos sa soberanya at kaligtasan ng Pilipinas


Ganap na ipinailalim ang patakarang panlabas at seguridad ng buong Pilipinas sa kontrol at kapasyahan ng imperyalistang US at katoto nitong imperyalistang Japan, nang pumaloob ang papet na rehimeng Marcos sa isang *trilateral* o tatlong-panig na alyansang militar at pang-ekonomya noong isang linggo.

Sa ipinatawag na pulong ng amo nito sa Washington DC, tuluyang ikinadena ni Marcos ang Pilipinas sa "bakal na pangako" ng US na "ipagtatanggol" ang Pilipinas sakaling salakayin diumano ito ng alinmang dayuhang pwersa, na malinaw na nakapatungkol sa China na magkasama nilang kinundena sa "agresibong pag-aasal" nito sa South China Sea.

Ang alyansang US-Japan-Pilipinas, sa pangunahin, ay isang alyansang militar na malinaw na nagsisilbi sa heyopulitikal na estratehiya ng US na palibutan ang China at pigilan ang lalong paglakas ng kapangyarihang pang-ekonomya at pang-militar nito. Bahagi ito ng plano ng US na ipwesto ang mga pwersang militar nito sa tinaguriang "first-island chain" na mga isla at bansang pinakamalapit na nakapalibot sa China.

Upang pahigpitin ang pagkakatali ng Pilipinas sa alyansang ito, pinagtibay ang planong isagawang pamumuhunan ng US at Japan sa bansa sa dati nang mga proyektong pang-imprastruktura tulad ng sistema ng riles mula Subic patungong Batangas, pati na ang Mindanao Railway, na noon ay ikinontrata sa gubyerno at mga korporasyon ng China. Sinasamantala rin ng US ang pagkakataon na ibayong palawakin ang pamumuhunan ng mga kumpanyang Amerikano upang makapag-angkat ng mga mineral, palakihin pa ang benta nito ng *liquified natural gas* sa bansa, at itulak ang bentahan ng mga plantang nukleyar. Gayundin, ginagamit ng Japan ang pagkakataong palakihin ang pamumuhunan sa mga proyekto at programa, kabilang sa sektor ng transportasyon, sa kapakinabangan ng malalaking kumpanyang Japan.

Sa pormal na pagsanib ni Marcos sa alyansang US-Japan, lalo niyang ipinipinid ang pinto sa mga mapayapang paraan ng paglutas sa mga sigalot sa pagitan ng Pilipinas at China. Ang dapat sanang hindi antagonistikong katangian ng sigalot na ito ay tuluyang nagiging antagonistiko dahil sa pagbibigay-daan ni Marcos sa pagpapalawak ng pwersang militar ng US sa ban-



sa, na lalo namang nagtutulak sa China na palakasin ang presensyang militar nito sa South China Sea at mga karagatang sakop ng Pilipinas.

Ang alyansang *trilateral* sa pagitan ng US, Japan at Pilipinas ay binuo ilang araw lamang bago ang nakatakdang wala pang kasinlaking pagsasanay sa digma na Balikatan 2024. Mahigit nang isang buwang dinudumog at nililigalig ang bansa ng aabot sa 11,000 sundalong Amerikano at kanilang mga barkong pandigma, eroplano, tangke, *jetfighter* at iba pang mga sandata at kagamitang pandigma ng US. Bahagi ito ng mahigit 500 pagsasanay ng pwersang militar ng US, kasanib ang mga tauhan ng AFP.

Kabi-kabila na ang isinasagawang pagpapalipad sa kahanginan at paglalayag sa karagatan ng Pilipinas, sa layuning magsanay ang militar ng US sa paggamit sa bansa bilang larangan ng digma. Pagkokonsentrahan ng isasagawang pagsasanay sa digma ng mga pwersang militar ng US ang hilagang bahagi ng Pilipinas, partikular na ang mga isla sa Batanes na pinakamalapit sa Taiwan. Matagal nang inuupatan ng US ang paghihiwalay ng Taiwan sa China sa tangkang udyukin ang karibal nitong imperyalistang bansa.

Ginagamit ng US ang mga base militar nito sa loob ng mga kampo ng AFP sa ilalim ng EDCA, pati na sa iba't ibang pasilidad. Palalawakin pa ang mga ito sa plano ng US na maglaan ng $128 milyon sa darating na taon. Sa tabing ng $2.5 bilyon o ₱67.5 bilyong ayudang militar sa susunod na limang taon para sa AFP, plano rin ng US na lalong paramihin ang ipupwesto nitong mga sandata sa Pilipinas, at gawing mas lalong brutal at madugo ang kontrarebolusyonaryong gera, upang lubusang nitong magamit ang AFP sa ngalan ng "depensang panlabas."

Udyok ng tagapayong Amerikano, isinasagawa ng rehimeng Marcos at Coast Guard nito ang mga "supply mission" sa BRP Sierra Madre sa Ayungin Shoal na tuwirang taliwas sa dating mga pinasok na usapan ng rehimeng Duterte—na noo'y palayuko sa pag-aangkin ng China sa kalakhan ng South China Sea, maging sa mga karagatan ng Pilipinas. Kaakibat ito ng ginagawang pang-uudyok ng US sa Taiwan. Layunin kapwa nito na itulak ang China na maging lalong agresibo at magkamaling gumamit ng armadong lakas laban sa Pilipinas o Taiwan, upang bigyang-matwid ang armadong panghihimasok ng US sa tabing ng "pagtatanggol."

Sa pagsuko sa soberanya ng Pilipinas, pagtali ng patakarang panlabas nito sa estratehiyang heyopulitikal at operasyong militar ng US, at pagpagamit sa bansa bilang pambala ng kanyon sa inter-imperyalistang sigalot sa pagitan ng US at China, isinasapeligro ng rehimeng Marcos ang seguridad ng bansa at ipinakakaladkad ito sa gitna ng posibleng sumiklab na gera. Oras na mangyari ito, tiyak na malaking kapahamakan at pasakit ang daranasin ng sambayanang Pilipino.

Dapat magbuklod ang sambayanang Pilipino at ipaglaban ang soberanya at kaligtasan ng bansa. Itaguyod ang tunay na pagmamahal sa bayan at kapayapaan, tutulan ang ginagawang paghahanda at pang-uudyok ng US ng inter-imperyalistang digmaan, at ang pagdamay dito ng Pilipinas.

Ipaglaban ang pagpapalayas ng lahat ng dayuhang pwersang militar sa lupa at karagatan ng bansa, ang paglalansag ng mga base militar at pagbabasura ng mga kasunduang pabor sa US at yumuyurak sa kasarinlan ng bansa. Alinsunod sa prinsipyo ng mapayapang pagplantsa ng mga gusot sa relasyong panlabas, dapat ipaglaban ng mga Pilipino na buksan ang lahat ng daan para ipagtanggol ang interes ng Pilipinas sa sigalot nito sa China sa paraang mapayapa, itulak ang negosasyon at internasyunal na diplomasya gaanuman katagal para makamit ang interes ng bansa, na hindi tumutungo sa digmaan.

Ipinakikita ng pagpapakapapet ng rehimeng Marcos at lalong pagsahol ng pagyurak ng imperyalismong US sa kasarinlan ng Pilipinas ang pangangailangan para pag-ibayuhin ang rebolusyonaryong pakikibaka para sa pambansang demokrasya. Ang pagkakamit lamang ng tunay na kalayaan ang magliligtas sa bansa sa anumang banta ng inter-imperyalistang gera, at maghahatid dito sa landas ng tunay na kapayapaan at kasaganahan. AB

ANG Bayan

Tomo LV Blg. 8 | Abril 21, 2024

Ang Ang Bayan ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloco, Hiligaynon, Waray at Ingles. Tumatanggap ang Ang Bayan ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan.

## Nilalaman

**Editoryal:** Labanan ang lubos na pagsuko ni Marcos sa soberanya at kaligtasan ng Pilipinas 1
Ayaw ng mga Ivatan ang Balikatan 3
Ginagawang larangan ng gera ng US ang Pilipinas 4
Cope Thunder *exercises* sa Cagayan 4
Protesta laban sa mga dayuhang tropa 4
Kilusang pagwawasto sa Masbate 5
Pakikibakang magsasaka sa Negros 6
Mga protesta 6
Sa madaling salita 7
2 magsasaka, magkasunod na pinaslang 8
Mandirigma, pinaslang ng AFP sa Bukidnon 8
Walang habas na pambobomba, perwisyo 9
Iligal na tanggalan ng mga manggagawa 10

Ang Ang Bayan ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

ang.bayan@cpp.ph

# Ayaw ng mga Ivatan sa Balikatan

Noong Abril 8, nagpaskil ng mahinahong paalala ang lokal na gubyerno ng Batanes sa lahat ng mga bisita sa prubinsya na bigyang kunsiderasyon ang kanilang mga alagang hayop habang namamasyal sila sa isla. Paalala nila, iwasang gulatin ang mga hayop na nasa pastuhan at pabayaan sila sa mga daan at pook-pasyalan para di sila maligalig. Isa ang Batanes sa mapayapa at kaaya-ayang lugar sa Pilipinas na dinadayo ng mga turista.


Pero sa darating na Abril 25 hanggang Mayo 9, higit pa sa gulat at ligalig ang dadanasin ng mga Ivatan at kanilang mga alaga. Sa pangalawang pagkakataon, isasagawa dito ang Balikatan na lalahukan ng libu-libong tropang Amerikano. Dadalhin sa isla ng Batan ang daan-daang sasakyang panghimpapawid, barko at kanyon para isagawa ang mga mapandigmang maniobra tulad ng Military Free-Fall/ Fast Re-Insertion and Extraction, Forward Refueling Point/Island Seizure, HIMARS Insertion at Reconnaissance and Island Seizure. Bilang pampalubag-loob, inatras ng US ang pagsasagawa ng *live-fire exercises* o pagpapaputok at pagpapasabog sa isla, matapos ireklamo ng mga residente ang malalakas na pagpapaputok nang idaos dito ang Balikatan noong nakaraang taon. Sa halip, isasagawa ng US ang mga maniobrang ito sa Mavulis, ang pinakahilagang isla ng bansa.

**Bakit Mavulis?**

Ang Mavulis Island, na bahagi ng Itbayat, Batanes, ay 128 kilometro lamang ang layo sa Cape Eluanbi, ang pinakatimog naman na parte ng isla ng Taiwan. Mas malapit na ito sa Taiwan kaysa Luzon. Ito na ang pinakadulong bahagi ng Pilipinas na maaaring tayuan ng US ng mga pasilidad militar, daungan at lagakan ng gamit-militar para maging lunsaran sa itinutulak nitong digma sa China.

Sa pagitan ng Mavulis at Orchid Island ng Taiwan ang masikip na Bashi Channel, isang importanteng internasyunal na lagusan na itinuturing ng US na isang estratehikong daanan ng mga barko nito mula sa Pacific Ocean tungong South China Sea. Matatagpuan dito ang 98% ng mga kableng pang-komunikasyon nakalatag sa ilalim ng dagat na nagdudugtong sa South at Southeast Asia sa buong mundo. Dumadaloy sa mga kableng ito ang lahat ng komunikasyong elektroniko, telepono at internet, kabilang ang maseselang impormasyong diplomatiko at militar.

Mula 2018, tuluy-tuloy ang pagtatayo ng mga pasilidad militar dito ng US, katuwang ang AFP, sa tabing ng "eksternal na depensa." Sa kasalukuyan, nakatayo sa tuktok ng burol ng isla ang isang gusali, planta para sa *water desalination* o pag-alis ng alat sa tubig dagat, *helipad* o lapagan ng helikopter at parola. Noong Oktubre 2023, pinasinayaan ng AFP ang isang *naval outpost* dito na itinayo sa gilid ng burol.




**Ligalig ng mga Ivatan**

Dismayado ang mga Ivatan na muli na namang dudumugin ng mga Amerikanong tropa ang kanilang mga isla. Sa ligalig dulot ng inilunsad na Balikatan dito noong 2023, nag-*panic buying* ang mga residente nang malaman nilang libu-libong sundalong Amerikano ang dadating sa kanila. Mismong meyor ng Basco, kabisera ng prubinsya, ang nagsabing nananahimik at mapayapa ang isla, at di sila dapat ginugulo ng mga Amerikano.

Nitong taon, batid nilang binalaan na ng China ang Pilipinas na itigil ang paglahok sa maniobra ng mga pwersa ng US at ihinto ang panghihimasok sa internal na usapin ng Taiwan at China. Pero sa halip na makinig si Marcos at ang AFP, hinila pa nila ang bansa at ang buong mamamayan sa posibilidad ng isang armadong komprontasyon sa pagitan ng US at China.

Hindi pa nakuntento, gusto rin ng US, kasabwat ang rehimeng Marcos, na gawing pambala ng kanyon ang mga Ivatan sa pamamagitan ng pagtulak sa kanila na sumapi at maging reserba sa AFP. Ayon sa pinakahuling ulat, 109 na ang sinanay para sumalubong sa mga bomba o bala ng China oras na sumiklab ang gerang inuupat ng US.

Malaking gambala sa kabuhayan ng mga Ivatan ang Balikatan. Marami sa kanila ang hindi makapagsasaka at makapagpapalaot habang ginagamit ng mga tropang Amerikano ang kanilang mga sakahan, pastuhan, baybay at dagat sa mga ehersisyong militar sa lupa at dagat at pagpapakitang-gilas gamit ang mga kanyon, tangke at barkong pandigma. Ganito ang naging karanasan ng mamamayan ng Cagayan nang ilunsad ang Balikatan sa Claveria, Aparri, Calayan Island at Sta. Ana. Sa ngayon, iniinda nila ang kakaunting huli at bagsak na kabuhayan dahil sa El Niño. AB

## Ginagawang larangan ng gera ng mga Amerikano ang Pilipinas

LIBU-LIBONG TROPANG Amerikano at kanilang mga sasakyan ang dumaong sa bansa bago pa magsimula ang Balikatan. Di bababa sa 400 sasakyang militar mula sa hedkwarters ng Indo-Pacific Command ng US sa Hawaii ang idiniskarga ng malalaking barko sa Subic Bay noong Marso. Noong Abril 1, isinagawa ng US ang mga maniobrang kombat sa karagatan ng Pilipinas kasama ang mga barkong pandigma ng Australia at Japan at maliit na barko ng Pilipinas. Sa sumunod na mga araw, ipinagmalaki pa ng US ang mga *unilateral* na *live-fire exercises* (pagpapasabog ng mga misayl), pagpapalipad ng mga *jetfighter* at iba pang maniobrang militar sa loob ng kahanginan at karagatan ng bansa.

Noon ding Abril 1, sinimulan ang 5-araw na pulong militar sa Camp Aguinaldo kung saan ibinahagi ng AFP sa militar ng US ang maseselan at internal na mga usaping panseguridad ng Pilipinas sa tinawag na kauna-unahang "Information Warfare Exercise."

Magkasabay na binuksan ang tatlong malalaking *war games* noong Abril 8: ang Cope Thunder sa mga paliparan sa Central at Northern Luzon; MAREX 2024 sa Maguindanao del Norte; at Salaknib 2024 sa Fort Magsaysay sa Nueva Ecija.

Sa unang mga paglulunsad ng Balikatan noong dekada 1990, isa itong *bilateral* o dalawang panig na "pagsasanay militar" para sa "inter-operability" o pagdudugtungan ng armadong hukbong US at papet na AFP. Pero mula nang "pumihit" ang US sa Asia, ibinukas ito ng US, at ang soberanong teritoryo ng Pilipinas, sa ibang dayuhang tropa. Sa darating na Balikatan, 14 na ibang bansa (Brunei, Canada, France, Germany, Great Britain, India, Indonesia, Japan, Malaysia, New Zealand, Republic of Korea, Singapore, Thailand at Vietnam) ang lalahok at magmamasid sa pakitang-gilas ng US.

Sa gayon, nagsisilbi ring isang malaking palabas ng mga armas ang Balikatan at iba pang *war games* ng US kung saan ipinamamalas nito ang mga sandatang gawa ng monopolyong mga Amerikanong kumpanyang militar. Ngayong taon, ginawa ng US na bahagi ng Balikatan ang operasyon ng inilalako nitong gawang-Israel na *missile defense system*.

## Cope Thunder *exercise*s sa Cagayan, naghasik ng matinding takot sa mamamayan

HINDI PA MAN pormal na nagbubukas ang Balikatan 2024, naghasik na ng takot at perwisyo sa mga mamamayan ng Cagayan at Apayao ang inilunsad na Cope Thunder *exercises* ng US Air Force at mga tropa ng Tactical Operations Group (TOG) noong Abril 17. Ayon sa mga residente ng Gattaran, Sto Niño, at Lasam sa Cagayan, sa sobrang baba ng lipad ng mga *jet fighter* ay nagkagulo sa mga eskwelahan laluna sa mga *daycare* at *kindergarten* at kumaripas ng takbo ang mga bata pauwi sa kanilang mga tahanan. Nabulahaw din ang mga sanggol, naperwisyo ang kabuhayan, at maging ang mga alagang hayop ay natakot at nagambala.

Reklamo ng mga residente, hindi sila inabisuhan nang maaga kung kaya't may mga natisod sa pagtakbo sa sobrang takot at sa mismong tapat ng mga eskwelahan at *barangay hall* isinagawa ang mga pagpapakitang-gilas. Kwento ng isang nanay, pinigilan siya ng kanyang 7-anyos na anak na lumabas ng bahay sa takot na mabagsakan ng bomba. Nireklamo din nila ang napakalakas na ugong at masakit sa tengang tunog ng mga *jet fighter*. "Parang sasabog ang dibdib ko nang tumapat sa amin," kwento ng isa.

Hindi naiwasang isipin ng mga residente ang malaking posibilidad na talagang sisiklab ang gera lalo na't laganap ang rekrutment ng AFP sa mga baryo, kahit daw sa mga may edad na. "Praktis pa lang yan, paano pa kaya kung totoo na," pagkabahala ng isang residente. Komentaryo naman ng isa na siguradong marami na namang bubuntisin at iiwan ang mga sundalong Amerikano dahil sa pagkakaroon ng mga base militar sa kanilang lugar.

Matinding troma ang sinapit ng mamamayan sa mga lugar na ito laluna't ito rin ang mga lugar na binomba ng 5th ID at TOG2 noong nakaraang taon. Matatandaang lumikas ang mga residente ng Sto Niño noong Abril 2022 sa kalagitnaan ng Semana Santa matapos mag-*airstrike* gamit ang OV10-Bronco para itago ang pagmasaker sa tatlong Pulang mandirigma sa Piat.

Ligalig rin ang dinanas ng mga residente ng Baggao noong Balikatan 2022. "Nagtakbuhan kami sa sobrang takot. Akala namin bobombahin kami. Parang matutuklap na ang mga bubong namin sa sobrang baba at lapit ng mga *jet fighter* sa kabahayan," salaysay ng isang magsasaka.

## Protesta laban sa presensya ng mga dayuhang tropa sa Pilipinas

NAGPROTESTA SA HARAP ng embahada ng US ang iba't ibang grupo noong Abril 11 para batikusin ang "trilateral summit" ng Pilipinas, Japan at US na ginanap sa Washington D.C. Batid ng mga grupo na nakabalangkas ang pulong na ito sa layunin ng US na palawakin ang presensya nito sa *first-island chain* sa tabing ng "seguridad" at "kalayaan sa South China Sea.

Sa US, sinalubong ng mga protesta ng mga grupong Filipino-American si Marcos at ang *trilateral summit* noong Abril 11 at 12. Binatikos nila ang papel ng US sa pagpopondo at suportang militar nito sa rehimeng Marcos.

Noong Abril 9, nagtungo sa konsulado ng China sa Makati City ang iba't ibang mga organisasyon para kundenahin ang tuluy-tuloy na panggigipit ng China sa mga mangingisda at barkong Pilipino at pang-aagaw nito ng teritoryo sa West Philippine Sea. Ipinanawagan ng mga grupo sa China, gayundin sa US, na itigil ang militarisasyon sa WPS.

Koresponsal

# Ang mukha ng kilusang pagwawasto sa Masbate




Puspusan ang pagsisikap ng mga sangay at komite ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP), mga yunit ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) at buong rebolusyonaryong kilusan sa Masbate para ipatupad ang kilusang pagwawasto na ipinanawagan ng Komite Sentral noong Disyembre 2023. Ibinwelo nila ang mga pagtatasa at pag-aaral simula noong unang kwarto ng taon.

**Kilusang pag-aaral**

Bilang panimulang hakbang, nagdaos ng iba't ibang mga pulong konsolidasyon at pag-aaral ang BHB at masa para sa pagdiriwang sa ika-55 anibersaryo ng Partido at BHB. Namahagi din sila ng mga polyeto at nagpaskil ng umabot sa 1,000 mga istrimer sa maraming bahagi ng prubinsya. Ginamit itong pagkakataon para ibahagi sa masa at mga kasama ang panawagan para sa kilusang pagwawasto.

Sa ulat ng mga larangang gerilya, nakapaglunsad ng walong bats ng pinagsamang programang pangkultura o pulong masa sa anibersaryo ng Partido at Hukbo na dinaluhan ng humigit-kumulang 300 mamamayan. Itinanghal ang iba't ibang kulturang pagtatanghal tulad ng awit, sayaw at dula na nagbabaybay sa kasaysayan ng rebolusyonaryong kilusan sa prubinsya.

Isinagawa ang mga pag-aaral sa pahayag ng Komite Sentral sa ika-55 anibersaryo ng Partido sa iba't ibang mga sangay ng Partido sa lokalidad, organisasyong masa at yunit ng Hukbo. Ilang mga komite sa larangan na rin ang nakapag-aral sa pahayag ng Partido sa ika-55 anibersaryo ng BHB. Isinabay dito ang mga kampanya sa muling panunumpa sa mga sangay ng Partido. Nagbabalik-aral na rin ang mga yunit at komite ng Partido sa Saligang Batas.

Liban dito, naglunsad ng mga pulong pagtatasa ang mga komite ng Partido sa iba't ibang antas upang mailakip sa kanila-kanilang mga programa at plano ng pagkilos ang kilusang pagwawasto. Isinabay sa mga pulong na ito ang pag-aaral sa mahahalagang dokumentong nagsusuma sa karanasan ng Partido sa nakaraang mga taon at iba pang dokumentong makabuluhan sa karanasan ng prubinsya.

Samantala sa isang larangan, nailunsad ngayong kwarto ang isang bats ng pag-aaral sa Batayang Kurso ng Partido.

**Pagtukoy sa mga kamalian at pagwawasto**

Alinsunod sa panawagan ng Komite Sentral, taos-pusong tinukoy ng iba't ibang komite ng Partido sa prubinsya ang mga naging pagkukulang ng kilusan sa pamumuno sa rebolusyonaryong pakikibaka ng mga Masbatenyo. Matapat na tinasa ng bawat komite at bawat kumand ng Hukbo ang mga internal na kahinaan sa iba't ibang larangan ng gawain.

Binalangkas nila ang mga panimulang paglalagom ng rebolusyonaryong gawain. Sinimulan na rin ang mga pagsisikap sa kampanya ng kumprehensibong panlipunang pagsisiyasat at pagsusuri sa uri.

Iniwawasto rin ng mga yunit ng hukbong bayan ang kani-kanyang manera sa pagkilos sa mga larangan. Layunin nitong umiwas sa hindi kinakailangan at depensibang mga labanan. Sinimulan na rin ng mga yunit sa prubinsya ang pagpapalawak sa mga eryang hindi nila naaabot dati. Sa mga lugar na matagal nang hindi nabalikan ng hukbong bayan, dahan-dahang ipinaparamdam muli ng mga kasama ang kanilang presensya sa masa.

Sa isla ng Ticao, naging bahagi ng taktika ng Pulang hukbo ang pagtulong sa masa sa produksyon bilang kanilang suporta. Ikinagagalak ng masa na mayroon nang tumatapos sa kanilang mga gawain sa pagkopra.

Hamon ngayon sa rebolusyonaryong kilusan sa prubinsya na palakasin ang armadong paglaban upang mapalakas ang Hukbo at ang kilusang masa. Nanawagan ang komite ng Partido sa lahat ng yunit ng Hukbo na maglunsad ng sustenidong mga taktikal na opensiba upang pahinain at tuluyang biguin ang paghaharing teror ng mga armadong pwersa ng rehimeng US-Marcos.

Partikular ding binigyang diin ng komite ang paglulunsad ng mga pakikibakang anti-pyudal at mga kampanya para sa kabuhayan bilang tuntungan sa pagpapalakas ng kilusang masang Masbatenyo.

Sumibol ang rebolusyonaryong kilusan sa Masbate noong 1983 nang lumapag dito ang tatlong kasama na armado lamang ng dalawang mahihinang klaseng riple. Sa nagdaang ilang dekada, napatunayan ng masang Masbatenyo na tunay nilang masasaligan ang hukbong bayan at kakampi nila sa pagbawi sa kanilang mga lupa at pagtatanggol sa kanilang demokratikong mga karapatan. AB

Koresponsal

# Mga bunga ng pakikibakang magsasaka sa panahon ng El Niño sa Negros

Sa harap ng tagtuyot bunga ng El Niño, nagkamit ng tagumpay ang masang magsasaka at mga residente sa ilang barangay sa Negros sa kanilang sama-samang pagkilos para sa makatarungang ayuda at suporta mula sa reaksyunaryong gubyerno. Daan-daang mga magsasaka ang humarap at nakipagdayalogo sa mga lokal na ahensya para sa kanilang mga kahingian.

Sa isang barangay, halos 500 magsasaka ang lumahok sa asembliya noong Marso 30 para maghayag ng mga hinaing at ihapag ang kanilang mga kahingian sa mga upisyal ng barangay at syudad. Tinalakay nila ang kani-kanyang aktwal na karanasan at kahirapan dulot ng tagtuyot. Nagtalaga sila ng mga kinatawan mula sa kada sityo na nagsalita sa asembliya.

Ipinahayag ng mga magsasaka ang malawakang kakulangan sa tubig (maiinom at para sa pagsasaka), kawalan ng ani na nagresulta sa pagkalubog sa utang at labis na kahirapan, kawalan ng pagkain kabilang ang bigas, at pagkakaroon ng mga karamdaman tulad ng ubo, lagnat, trangkaso at iba pa bunga ng labis na init.

Sa harap ng matapang na paggigiit ng mga magsasaka, nangako ang lokal na gubyerno na magbibigay ng mga gamit para itayo ang isang sentralisadong sistema ng patubig. Makikinabang sa sistema na ito ang 33 sityo ng barangay at hindi bababa sa 8,000 katao. Liban dito, natulak din ang lokal na gubyerno na mangakong magbibigay ng bigas, binhi, abono at tulong pampinansya.

Sentralisadong sistema ng patubig rin ang nakamit ng isa pang barangay matapos silang makipagdayalogo sa lokal na gubyerno. Kaagad na tinanggap ng tatlong malaking sityo ng barangay ang *hose* at iba pang kagyat na ayuda tulad ng bigas, sardinas at karampot na tulong pinansya. Mapakikinabangan ng 100 sambahayan o 500 katao sa tatlong sityo ang naturang proyekto.

Nagsilbing mitsa at inspirasyon sa mga karatig na barangay sa Negros ang paunang tagumpay na nakamit ng mga magsasaka. Kumikilos ngayon ang mga magsasaka—organisado at espontanyo—para ipaglaban ang kanilang mga karapatan at nararapat na matamasang tulong sa harap ng tagtuyot dulot ng El Niño.

Mayaman ang kasaysayan ng masang magsasaka sa Negros sa pakikibaka para sa lupa at kanilang kagalingan. Deka-dekada na nilang nilalabanan ang pasismo ng malalaking panginoong maylupa at ng reaksyunaryong estado. Nakapagkakamit sila ng mga tagumpay dahil sa kanilang mahigpit na pagkakaisa at di natitinag na paninindigan.

AYON SA Department of Agriculture noong Abril 19, umabot na sa ₱3.94 bilyon ang pinsala ng El Niño sa agrikultura sa 11 rehiyon. Sa tala ng kagawaran, apektado nito ang 66,065 ektarya ng mga sakahan at 73,713 magsasaka. Pinakaapektado ang mga isla ng Mindoro, Palawan, Negros at Panay. Pinaamalaki ang itinalang pinsala sa ani ng bigas (₱2.36 bilyon), kasunod ang mga *high-value crops* (P868..84 milyon) at mais (₱669.44 milyon). Apektado rin ang mga mangingisda na nagtamo ng pinsalang nagkakalahalaga ng ₱33.83 milyon.

**Welgang transportasyon, tagumpay.** Naglunsad ng welgang transportasyon noong April 15-16 ang PISTON at Manibela para igiit ang pag-atras ng pwersahang konsolidasyon ng prangkisa sa darating na Abril 30 at ibalik ang 5-taong indibidwal na prangkisa. Nasa 80% ng mayor na mga ruta sa Metro Manila ang naapektuhan at ilang bahagi ng Cavite at Laguna ang naparalisa. Sa unang araw, umabot sa 400 dyip ang lumahok sa protesta at karaban tungong LTFRB, kung saan nagpalipas sila ng gabi. Kinabukasan, nagkomboy ang mga drayber at opereytor tungong Welcome Rotonda sa hangganan ng Quezon City at Maynila.

Nagkaroon din ng katulad na mga welgang pangtransportasyon sa Iloilo, Bacolod at Cebu, at kilos-protesta sa Davao. Ang aktibidad na ito ay bahagi ng serye ng mga pagkilos na planong idaos ng dalawang grupo sa transportasyon hanggang katapusan ng buwan.

**Pagbuwag sa NTF-Elcac, muling ipinanawagan.** Nagprotesta ang mga myembro ng KMP at iba pang grupong magsasaka sa harap ng National Intelligence Coordinating Agency sa Quezon City noong Abril 12 para kundenahin ang pagbilang ng NTF-Elcac sa KMP sa 30 organisasyon na tinaguriang "prente" ng Partido at BHB. Anila, ang *red-tagging* na ito ay bahagi ng pagpapaigting ng panggigipit ng rehimeng Marcos laban sa mga ligal at lehitimong organisasyong masa, alinsunod sa operasyong kontra-insurhensya nito na nakabalangkas sa gabay ng US.

**Protestang Red Friday (Pulang Biyernes) para sa sahod, inilunsad.** Inilunsad ng mga manggagawa ang unang Red Friday Protest para sa dagdag sahod at laban sa maka-negosyo at makadayuhang PUVMP noong Abril 12 sa Marikina City at sa Monumento, Caloocan noong Abril 19. Kinundena nila si Ferdinand Marcos Jr na anila'y panay ang satsat sa *chacha* (*charter change*) pero patuloy na nananahimik sa usapin ng sahod. Idiniin nila na sadyang napakaliit, at nahuhuli pa, ang ibinigay ng mga *regional wage board* noong nakarang taon.

# 46° Celsius

**ang pinakamataas na temperaturang nairehistro sa Pilipinas ngayong tag-init.** Itinuturing na "mapanganib" ang temperaturang 42°C-46°C dahil maaari itong magdulot ng *heat stroke*, pamumulikat, pamamaga, bungang-araw at pananamlay.

*Pinagkunan: PAGASA*

## $222,900

o ₱12.22 milyon ang bentahan ng isang misayl ng Guided Multiple Launch Rocket Systems (GMLRS) na pambala sa HIMARS (High Mobility Artillery Rocket System) na gustong bilhin ng AFP sa US. Kada HIMARS ($10 milyon o ₱55 milyon) ay nagkakarga ng anim na bala. Ang mga misayl at sasakyan ay gawa ng Lockheed Martin.

## ₱501

**ang tunay na halaga ng ₱610 na minimum na sahod sa NCR dahil sa patuloy na tumataas na presyo ng pagkain at mga bilihin.**

## 100

**proyektong *hydropower***

- ang pinahintulutan ng DoE na itayo sa mga ilog ng Cordillera na sasakal sa mga ito at maglulunod sa ilang daang ektarya ng kagubatan at lupang pang-agrikultura.

## 23,614

bilang ng barangay *health center*, kalahati sa bilang ng mga barangay (42,034) sa buong bansa. Mayroon lamang isang barangay *health center* sa bawat 41,477 Pilipino.

## 58.7%

**pagtaas ng bentahan ng regular na bigas sa palengke noong Marso 2023-2024.**

- **Tumaas naman nang 31.2% ang bultuhang bentahan nito sa naturang panahon. Pinakamatarik ang pagtaas sa Davao City.**

*Pinagkunan: Philippine Statistics Authority*

## 31%

pagtaas ng bentahan ng mga kotse sa 2021-2022, dahilan ng lalong paglala ng trapik sa bansa.

- Noong 2023, sa 387 sentrong syudad sa buong mundo, #1 pinakamabagal ang trapiko sa Metro Manila.

## 1%

kada linggo ng kabuuang koral sa mundo ang namumuti (*bleaching*). Sa tindi ng init, inilalabas ng mga koral ang taglay nitong organismong pinagkukunan ng nutrisyon at nagbibigay dito ng kulay. Kung magtagal, maaari itong humantong sa pagkamatay ng korales.

*Pinagkunan: Coral Reef Watch*

# 2 magsasaka, magkasunod na pinaslang sa Masbate

Nitong Abril, dalawang magsasaka ang pinaslang sa Masbate. Sila ang ika-27 at ika-28 magsasakang pinatay ng Armed Forces of the Philippines (AFP) sa isla sa ilalim ng rehimeng Marcos.

Dinukot ng apat na myembro ng CAFGU si Elorde Almario, 43, sa kanyang sakahan sa San Carlos, Milagros noong Abril 2. Natagpuan siyang patay ng kanyang mga kaanak sa araw din na iyon. Sa ulat ng kanyang pamilya, may mga tama ng baril at bakas ang tortyur na dinanas ng biktima sa kanyang bangkay.

Noon Abril 4, dinukot ng parehong grupo ng mga CAGFU si Nonong Monteseban, dating kapitan ng San Carlos. Matapos bugbugin, pinakawalan siya ng mga pasista dahil hindi umano siya ang hinahanap nila.

Noong Abril 11, pinatay ng AFP si Jimmy Pautan sa Sityo Tadloy, Barangay Luna, Placer. Katulad sa maraming kaso, pinalalabas ng AFP na Pulang mandirigma si Pautan na napaslang sa isang engkwentro.

Samantala, pinagbabaril ng mga elemento ng 4th IB si Jay-el Banay Maligday, isang estudyante sa Grace Mission College at residente ng Sityo Soryawon, Barangay San Roque, Bulalacao, Oriental Mindoro noong Abril 7. Pinalabas ng militar na kasapi siya BHB matapos lusubin ng isang platun ng mga sundalo ang kanyang bahay.

**Pagdukot.** Dinukot at hanggang ngayon ay di pa inililitaw ng mga ahenteng militar si William Lariosa, batikang organisador ng Kilusang Mayo Uno-Southern Mindanao. Dinukot si Lariosa, 63, noong Abril 10 sa Barangay Butong, Quezon, Bukidnon. Matagal nang pinag-iinitan ng militar si Lariosa at kanyang pamilya kung kaya nagsangtwaryo siya sa Bukidnon.

**Tangkang pagpapalayas.** Nasugatan at hinimatay ang isang lokal na residente ng Lupang Tartaria sa Silang, Cavite noong Abril 16 nang nagpumilit ang mga gwardya mula Jarton Security Services na pasukin ang komunidad ng mga magsasaka.

Sumugod at nakipagtulakan ang mga gwardya sa Tartaria sa layuning bakuran ang lupa. Ang naturang mga gwardya ay nagsisilbing *private goons* ng tambalang Ayala-Aguinaldo, na matagal nang umaangkin sa naturang lupa. Anang mga magsasaka, iligal ang ginagawang pagbabakod habang nakabimbin pa ang desisyon sa pagmamay-ari ng lupa sa Department of Agrarian Reform at sa Korte Suprema.

**Demolisyon.** Iligal na dinemolis ng pinagsamang mga pwersa ng National Housing Authority at pulis ng Quezon City ang kabahayan sa San Isidro, Quezon City noong Abril 18. Nasa 700 pamilya ang apektado ng demolisyon sa komunidad na nasa likod ng Philippine Children's Medical Center. Nakatakdang tayuan ng *parking lot* ang naturang lugar. AB

## Mandirigmang dating estudyante ng UP, sadyang pinaslang ng AFP sa Bukidnon

SADYANG PINASLANG NG 48th IB si Kaliska Dominica Peralta (Ka Rekka), isang Pulang mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan na wala sa katayuang lumaban, sa Barangay Butong, Quezon, Bukidnon noong Abril 10. Dati siyang estudyante ng University of the Philippines-Diliman.

Walang armas si Ka Rekka nang madakip ng 48th IB. Ayon sa mga saksi, dinala siya sa ibang bahagi ng barangay matapos mahuli at doon siya tinurtyor bago binaril at pinatay. Tatlong iba pa, na may kasamang mga sanggol, ang inaresto ng AFP. Walang naganap na labanan sa lugar, taliwas sa mga pahayag ng militar at pulisya. Panawagan ng mga demokratikong grupo na imbestigahan ang 48th IB sa sadyang pagpaslang si Ka Rekka. Pinarangalan siya ng kanyang kapwa aktibista, kaibigan at mga estudyante sa UP-Diliman noong Abril 20.

Nagpasyang sumapi si Ka Rekka sa hukbong bayan noong 2016. Una siyang itinalaga sa BHB-Eastern Visayas bago siya nalipat sa BHB-Southern Mindanao. Pinarangalan siya ng Partido Komunista ng Pilipinas at BHB sa kanyang pagpupunyagi at kontribusyon sa armadong rebolusyon sa panahong napakalaking paghihirap at sakripisyo ang kinakailangan para isulong ito.

## Iran, nagpakawala ng mga misayl laban sa Zionistang Israel

NAGPAKAWALA NG HINDI bababa sa 200 misayl at drone ang Iran laban sa Zionistang Israel noong Abril 13 na tumama sa mga base at paliparang militar ng bansa. Ayon sa Iran, ang atakeng ito ay ganting-salakay sa pagbomba ng Israel sa embahada nito sa Damascus, Syria noong Abril 1. Labingwalo ang napatay sa pambobombang sa embahada, kabilang ang matataas na kumander ng hukbo ng Iran.

Isinagawa ang atake alinsunod sa internasyunal na batas kaugnay sa pagdepensa sa sarili, pahayag ng Iran. Itinuring nitong "sarado na" ang usapin at binalaan ang Israel at US laban sa paglulunsad ng pansagot na mga atake.

Pananagutan ng US ang buhong na mga aksyon ng Zionistang rehimen, at direktang binalaan ang "mamamtay-bata" na Israel na mananagot sa henosidyo nito laban sa Palestine.

Koresponsal

# Walang patumanggang pambobomba, perwisyo sa mga Agusanon at Surigaonon

Noong nakaraang taon, nakapagtala ang Bagong Hukbong Bayan-Northeast Mindanao ng di bababa sa limang insidente ng walang patumanggang pambobomba at pang-iistraping ng Armed Forces of the Philippines sa Agusan at Surigao del sur. Sa nakalap na impormasyon ng BHB-NEMR sa apektadong mga komunidad, isang sibilyan ang nasugatan at isa ang hanggang ngayon ay di pa natatagpuan. Nagdulot ang mga pambobomba ng troma sa mga residente, laluna sa mga bata at matatanda, at pinsala sa kanilang mga pananim at sa kapaligiran. Ginatungan nito ang galit ng mga Agusanon at Surigaonon sa abusadong mga sundalo.

Kasabay ang mga pambobomba sa masisinsin at koordinadong operasyong militar at mapanlinlang na mga programa sa tabing ng Retooled Community Support Program (RCSP) at Enhanced Community, Livelihood and Integration Program (E-CLIP). Sa ilalim ng mga programang ito, laganap ang mga panggigipit at pananakot ng mga sundalo sa mga magsasaka, gayundin ang iligal na pang-aaresto at sikretong detensyon, at pwersang pagpapasurender sa kanila. (*Basahin ang artikulo na* "Kwarantinang" militar, kulungan ng "sumuko" na mga sibilyan sa Surigao del Sur *sa isyu ng Ang Bayan, Abril 7, 2024.*)

Ang mga operasyong ito ang nasa likod ng pagdedeklara ng AFP na "insurgency-free" na ang Agusan at Surigao del Sur. Seryosong paglabag ang mga ito sa internasyunal na makataong batas at mga protokol na nagpapahalaga sa kapakanan at kaligtasan ng mga sibilyan sa panahon ng mga armadong sigalot.

**Mga insidente**

Noong Marso 15, 2023, alas-6 ng hapon, nagpakawala ng isang *rocket* at anim na beses na nang-istraping ang militar sa mga sakahan at mabundok na bahagi ng Barangay Pili, Bayugan, Agusan del Sur. Bumagsak ang mga bombang pinalipad ng mga helikopter malapit sa kabahayan na nag-iwan ng mga kapsula ng bomba sa kanilang mga bakuran. Dahil sa peligrong dala nito, napilitan ang mga residenteng magbakwit patungo sa barangay *gymnasium*.

Bago nito, pinaputukan ng BHB ang nag-ooperasyong tropa ng 65th IB sa Barangay Pinanggalaan, sa naturang prubinsya noong Marso 14, 2023 alas-2 ng hapon. Dalawang sundalo ang napatay.

Sa Barangay Maitom, San Martin, Prosperidad sa parehong prubinsya, dali-daling nilisan ng mga magsasaka ang kanilang mga tahanan matapos umalingawngaw ang pagsabog ng apat na bomba mula sa Super Tucano at tinatayang limang kanyon noong Mayo 18, 2023. Nangyari ito sa layong 200 metro mula sa kanilang mga dampa.


Sa Barangay Bigaan, Tagbina, Surigao del Sur, naghulog ng dalawang bomba ang Philippine Air Force noong Hulyo 2023. Ayon sa isang residente, isa sa kanilang kababaryo ang nasugatan nang sumabog malapit sa kanyang bahay ang mga bomba. Isa pang residente, hanggang ngayon, ang hindi nila matagpuan. Sa takot ng AFP na malaman ng publiko ang kanilang krimen, sikretong pinagamot ng lokal na pamahalaan ang sugatang sibilyan. Matapos ang insidente, sapilitang pinalikas ng mga pulis ang mga residente sa pananakot na gagamitin sila ng hukbong bayan bilang "human shield." Bago ang pambobomba, napatamaan ng BHB ang mga tropa ng 67th IB sa mabundok na bahagi ng nasabing baryo kung saan dalawa ang napatay at isa naman ang sugatan.

Noong Setyembre 2023, nagulantang ang mga residenteng noo'y nasa kanilang bukid sa malakas na pagsabog ng apat na bombang inihulog mula sa ere. Tinatayang 300-500 metro lamang ang layo ng sumabog mula sa kanilang dampa. Sa pangambang matamaan, agad na nilisan ng mga magsasaka ang bukid.

Sa Barangay La Purisima, Prosperidad, Agusan del Sur, nasira ang mga tanim na niyog, saging at iba pang prutas sa mga sakahang binagsakan ng apat na bomba gamit ang Super Tucano noong madaling araw ng Setyembre 30, 2023. Walong bala ng kanyon ang pinakawalan para patamaan ang lugar na pinagpapahingahan noon ng isang yunit ng BHB. Matapos ang pambobomba, nakasagupa ng BHB ang mga tropa ng 3rd Special Forces Company kung saan dalawang korporal, isang sarhento at isang Private First Class ang iniulat na napatay. AB



# Mga pakana ng iligal na tanggalan ng mga manggagawa




*Forced leave, floating status, furlough, on-call basis*—ilan lamang ang mga ito sa sari-saring pakana ng mga kapitalista sa pleksibleng paggawa na nagbibigay daan sa malawakang iligal na tanggalan ng mga manggagawa. Sa mga kaayusang ito, binabawasan ng kapitalista ang trabaho ng manggagawa nang isang araw hanggang anim na buwan. Maaaring may bahaging bayad ang pwersahang pagpapabakasyon, pero sa kalakhan ay walang natatanggap na sahod ang mga manggagawa sa mga araw o buwan na ito.

Bahagi ng neoliberal na patakaran sa paggawa ang gayong mga pleksibleng kaayusan. Noon pang 1985 pinahintulutan ng estado ang mga kapitalista na sadyang magbawas ng regular na araw ng trabaho sa tabing ng "pagsalba ng negosyo." Kailangan lamang nilang iulat na matumal o kulang ang order o mga proyekto para maawtorisang huwag papasukin sa trabaho ang kanilang mga manggagawa.

Nakasaad sa batas na dapat temporaryo ang mga kaayusang ito, pero sa sobrang tagal na walang sahod, maraming manggagawa ang napipilitang magbitiw para maghanap ng ibang mapagkakakitaan. Naiikutan ng kanilang pagbibitiw ang pananagutan ng kapitalista na magbigay ng mga benepisyo tulad ng *severance pay* at nakaiiwas ang mga ito sa asuntong iligal na *lockout* o pagsasara ng pabrika. Itinatago din ng kaayusang ito ang reyalidad na ang libu-libong manggagawang nakakategoryang may trabaho ay sa aktwal, walang trabaho.

Tumindi ang ganitong mga kaayusan noong panahon ng pandemya nang isuspinde o bawasan ng maraming kumpanya ang kanilang mga operasyon. Sinamantala ng kapitalista ang krisis at itinulak ang pagpapalawig ng pagbabawas ng mga araw ng trabaho nang hanggang isang taon. Naging talamak ang pakanang ito sa *business process outsourcing* (BPO o mga *call center*), industriya ng damit, elektroniks at *information technology*. Sa sektor ng BPO pa lamang, 4 sa bawat 10 manggagawa ang inilagay sa "floating status" nang walang bayad. Marami sa kanila ang hindi na ibinalik sa trabaho.

Nang "muling buksan" ang ekonomya, kakulangan naman ng mga "order" o katumalan ng proyekto ang idinahilan ng mga kapitalista para pansamantala hanggang permanenteng tanggalin sa trabaho ang mga manggagawa. Kabilang dito ang libu-libong manggagawa sa mga pabrika sa Mactan Export Processing Zone na inilagay sa *floating status* bago tuluyang sinisante noong 2022-2023.

Sa Laguna nitong Abril, ipinailalim ng Nexperia Philippines sa "temporaryong terminasyon" ang 54 manggagawa nito sa sunod na anim na buwan. Dadag na 72 pa ang ilalagay sa parehong istatus sa Setyembre. Pinakahuli ang maniobrang ito sa serye ng tanggalan sa pabrika sa pagdadahilang "humina" ang produksyon ng kumpanya.

Sa Pampanga, iniinda ng 1,000 manggagawa ng pabrika ng Luen Thai Philippines, kumpanyang gumagawa ng mamahaling bag, ang *forced leave* at kawalan ng sahod mula Enero hanggang Marso. Para lusutan ang pananagutan, nagdeklara ang kapitalista na bumaba ang produksyon sa pagawaan kahit pinananatili nito ang umiiral na antas ng produksyon.

Para saluhin ang nabakanteng mga trabaho, itinaas ng kapitalista ang kota ng natitirang manggagawa tungong 130-180 *handbag* kada araw. Ang hindi nakaaabot ng kota ay pinagbabantaang ilalagay rin sa *forced leave*. Walang ibinigay ang kapitalista na katiyakang ibabalik sa trabaho ang mga ipinailalim sa iskemang ito.

Sa Bataan, lampas isang taon nang nasa "forced leave" ang mga manggagawa ng Universal Weavers Corporation, isang pagawaan ng mga kagamitan at kasuotang medikal. Pagdadahilan ng kumpanya, wala nang "pinagagawa at order" sa kanila kaya hindi na sila pinapapasok sa pabrika.

Batid ng mga manggagawa na mayroong mga order ang kumpanya pero pinipili nito na dalhin sa Cambodia ang produksyon dahil mas mura at barat silang magpasahod doon. Umiiwas din ang kumpanya sa pananagutan nitong ibigay ang kanilang benepisyong *13th month pay* at iba pa.

Nagpapirma pa ang maneydsment ng *waiver* na naglalaman na sumasang-ayon ito na maghanap ng ibang trabaho ang mga manggagawa habang naka-*forced leave* sila. Taliwas ito sa batas na nagsasaad na nagbabawal sa gayong hakbang. Sa aktwal, nagbibigay daan ito sa kapitalista na lusawin ang *years of service* (mga taon ng pagtatrabaho) ng mga manggagawa at ligal na tanggalin sila sa pabrika nang hindi nakakukuha ng *separation pay*. AB